

Thesis & Dissertation Abstracts

Ang Pagtatasa sa Sigla ng mga Wika at Diyalekto sa Pilipinas: Kalagayan at Patutunguhan

Noah D.U. Cruz

Malaon nang paksa ng iba't ibang mga pag-aaral at kongresong pangwika ang nakababahalang kalagayan ng marami at patuloy pang dumaraming mga wika sa daigdig. Sa kabila nito, kapansin-pansing sa konteksto ng Pilipinas, ang diskurso tungkol sa panganganib ng mga wika ay hinuhubog ng mga palagay at dulog mula sa labas ng bansa. Sa ganang ito, nilalayon ng kasalukuyang pananaliksik na makaambag sa pagpapanibagong-hulma ng nakahiratihang naratibo sa diskurso ng panganganib ng mga wika sa pamamagitan ng pagsisiyasat sa mga lapit na malimit na ginagamit sa pagtatasa sa sigla ng mga wika sa bansa at sa pagpapanukala ng sistemang aangkop sa natatanging kontekstong kinaiiralan ng mga wika at diyalekto sa Pilipinas. Upang maabot ang mga layuning ito, kritikal na sinuri ang tatlong lapit (i.e., language vitality and endangerment o LVE ng UNESCO (2003), expanded graded intergenerational and disruption scale o EGIDS nina Lewis at

Simons (2010), at language endangerment index o LEI nina Lee at Van Way (2016)) na karaniwang ginagamit sa pagtatasa sa sigla ng mga wika sa Pilipinas. Mula sa naging tuklas sa ginawang pagsusuri, bumalangkas ng isang sistema para sa pagtatasa sa sigla ng mga wika at diyalekto sa bansa. Ang binuong sistema ay ginamit sa pagsilip sa kalagayan ng dalawang wika (i.e., Ayta Magbukun at Kinaray-a) at isang diyalekto (i.e., Kapampangan Mabatang). Lumutang sa pananaliksik na isa sa mga pangunahing suliranin sa diskurso ng sigla at panganganib ng mga wika at wikain sa bansa ay ang paggamit ng mga sukatang hindi naaangkop o mahirap ipilit na maiangkop sa danas ng mga komunidad pangwika sa bansa. Kung kaya, ang pagkakaroon ng isang sistemang payak ngunit nakabatay sa nangyayari sa Pilipinas ay tunay na kinakailangan upang matamang masuri ang estado ng mga wika at diyalekto sa bansa.

Cruz, Noah D.U. (2024). *Ang pagtatasa sa sigla ng mga wika at diyalekto sa Pilipinas: Kalagayan at patutunguhan* [Unpublished master's thesis]. Department of Linguistics, University of the Philippines Diliman.



Pagbabalik-tanaw sa Linkers: Isang Historikal na Pagsusuri sa mga Piling Wika sa Pilipinas

Johans B. Cruz

Ang LINKER sa ilang mga eksposisyong gramatikal ay madalas nababanggit sa mga deskripsiyong panggramatika ng mga wika ng

Pilipinas, ngunit iba-iba ang kahulugan at pagkakahakonsepto nito sa bawat akda. Sa tesis na ito, babalikan ang ilang akda na nagpapaliwanag ng sistema ng wika o grammar, buhat sa sinilangan ng katawagang ito, sa panahon ng mga *arte* o grammar ng mga misyonero hanggang sa kasalukuyang siglo. Mula sa panahong ito ng mga grammar ng mga misyonero, tutuntunin ang pag-unlad ng mga LINKER sa pagdaan ng panahon: sa panahon ng pananakop ng Amerika, sa panahon ng pagsasarili, at hanggang sa kontemporaryong konseptwalisasyon. Titingnan dito ang mga pinagkahawig at pinagkaiba ng mga akdang ito sa pagtalakay sa LINKER at mga naging impluwensya nito. Magiging gabay rin ang mga tanong na ito: (1) Paano ang pagkakatatalakay ng mga dating eksposisyong gramatikal sa pagpapalawig ng pariralang pangpangngalan kaugnay ang mga LINKER? (2) Ano ang katangiang ponolohikal, morpolohikal at sintaktikal ng mga LINKER sa mga akdang ito? (3) Anu-ano ang pagkakahawig at pagkakaiba ng mga pagkakatatalakay sa LINKER na may kaugnayan sa gamit nitong pagpapalawig ng pariralang pangpangngalan sa Ilocano, Kapampangan, at Tagalog? at (4) Anu-ano ang mga pagbabago sa pagkakahakonsepto ng LINKER sa pagdaan ng panahon? Mahalaga ang pag-aaral na ito upang maunawaan ang pag-unlad ng isang kategorya o termino na palasak sa wika sa Pilipinas at isa rin sa mga prominenteng katangian ng mga ito.

Cruz, Johans B. (2024). *Pagbabalik-tanaw sa linkers: Isang historikal na pagsusuri sa mga piling wika sa Pilipinas* [Unpublished master's thesis]. Department of Linguistics, University of the Philippines Diliman.



Bagobo-Klata: Grammar and Vocabulary

Edward G. Estrera

This thesis is a grammatical description of Bagobo-Klata (ISO 639-3 [bgi]), a highly endangered Philippine language spoken by fewer than 10,000 people in the eastern slopes of Mt. Apo in Davao City, Davao del Sur in the island of Mindanao. Furthermore, it is based on firsthand linguistic fieldwork carried out in Calinan District, Davao City. This description is the first ever comprehensive account of Bagobo-Klata, which is accompanied by a vocabulary list with around 3,000 entries. The topics addressed include the sound system (phonemic inventory, syllable structure, word accent, phonotactics, morphophonological processes, and notes on orthography); content (nouns, adjectives, verbs, and adverbs) and function words (nominal markers, pronouns, demonstratives, interrogatives, quantifiers, numerals, prepositions, negators, modal expressions, discourse particles, and conjunctions); clause structure (phrases and constituent order); clause types according to predicate heads (verbal and nonverbal constructions) and pragmatic function (existential and possessive, negative, and interrogative constructions); modality (propositional and event modality expressions); and clause combinations (coordination, adverbial clauses, relative clause constructions, and complement clauses).

The salient features of Bagobo-Klata are mostly phonological—geminates (long consonants), consonant clusters (or complex onsets), and selected morphophonological processes such as syllable deletion and phonetic reinstatement (which is contrasted with epenthesis in this study). In terms of geminates, these phonological features are often

associated with Northern Luzon languages, especially Ilokano, but there are also Philippine languages in Visayas and Mindanao with geminates. While geminates in Bagobo-Klata can also be derived, most of them are products of historical sound changes such as full assimilation and consonant lengthening. Consonant clusters, on the other hand, can be said to be similar to geminates on account of the ways they have arisen, but the former differ because they are always word-initial. Then, Bagobo-Klata has several affixes that trigger a syllable, an antepenultimate one or an identical one, to be deleted on account of the nominal or verbal suffixation of *-ɔ* or *-a*; the same suffixes can also cause historically lost word-final consonants such as **-h*, **-n*, and **-l* to resurface.

At the level of morphosyntax, syncretism is rampant: Bagobo-Klata has several multifunctional expressions. The verbal prefix *pɔ-* can be used to encode IRREALIS, INSTRUMENTAL VOICE OR IRREALIS, CAUSATIVE in three voices (ACTOR, PATIENT, and LOCATIVE). Moreover, the IMPERFECTIVE and PERFECTIVE forms of affixed verbs in Bagobo-Klata syncretized too, thereby relying on aspectual-marking particles to distinguish such forms (and context). Another is *nɛŋ*, which is the form of the singular nominal marker in ERGATIVE and GENITIVE cases and is also used as a linker of manner adverbs. Finally, it is through these typologically interesting features of Bagobo-Klata that this grammatical description

attempts to contribute to the literature of Philippine linguistics and Austronesian linguistics.

Estrera, Edward G. (2024). *Bagobo-Klata: Grammar and vocabulary* [Unpublished master's thesis]. Department of Linguistics, University of the Philippines Diliman.



A Typological Comparison of Tagalog, Malay, Äiwoo, Hawaiian, and Thai

Dave Ryan Mikhail S. Go

In light of studies connecting Austronesian and Kra-Dai languages, this research aims to compare the typology of the five languages—Tagalog, Malay, Äiwoo, Hawaiian, and Thai. They may be classified into the categories of *Philippine-Type* or *Austronesian Symmetrical Alignment-Based Languages*, *Indonesian-Type Languages*, *Transitional Oceanic-Type Languages*, *Analytic Oceanic-Type Languages*, and *Isolating Kra-Dai Languages* respectively.

The languages share features that are common to VO languages, such as nouns before genitives, nouns after prepositions, verbs preceding adpositional phrases, adjectives and modifiers after the modified, verbs before manner adverbs, auxiliary verbs before content verbs, and nouns before relative clauses. The results of the study showed that, generally being in a language family with VO languages, a typical Austronesian or Kra-Dai language has the aforementioned features. Meanwhile, there

are major differences, such as the use of agglutination or the use of symmetric voice in the spectrum.

The study also has questions on the possible shifts from agglutination to analytic/isolating structures. In particular, this may be found in fossilized affixes in languages, such as Hawaiian (as well as Proto-Kra-Dai and Khmer to name a few others), and transitional languages, such as Äiwoo that occur in the same language family branch. Moreover, conservative languages in certain language families tend to be more agglutinative, such as Austronesian symmetrical alignment-based languages and Indonesian-type languages in Austronesian languages (and conservative languages in Austroasiatic and Sino-Tibetan as well).

In the field of Southeast Asian linguistics, this work aims to contribute to the literature of comparative typology, especially in light of the similar features that can be found throughout the language families.

Go, Dave Ryan Mikhail S. (2024). *A typological comparison of Tagalog, Malay, Äiwoo, Hawaiian, and Thai* [Unpublished master's thesis]. Department of Linguistics, University of the Philippines Diliman.

